

Ano ang My Health LA program?

- Ang **My Health LA** ay isang WALANG BAYAD na programa para sa pangangalaga ng kalusugan para sa may mga mababang kita na residente ng County ng Los Angeles na hindi nakakakuha ng insurance sa kalusugan.
- Ang **My Health LA** ay isang programa kung saan ang mga miyembro ay maaaring makatanggap ng patuloy at may kalidad na pangangalaga sa kalusugan mula sa isang pangkat ng mga provider para sa pangangalaga ng kalusugan sa mga klinika sa komunidad.
- Ang **My Health LA** ay isang paraan para ang mga walang insurance na mga residente ng County ay maging malusog at manatiling malusog!

Sino ng karapat-dapat para sa My Health LA?

Ang **My Health LA** ay para sa mga tao na:

- ✓ Mga Nakatira sa County ng Los Angeles
- ✓ Edad 19 at pataas
- ✓ Nakakatugon sa mga kahilingan para sa kita (basahin sa likod ng fact sheet)
- ✓ Kulang o hindi karapat-dapat para sa insurance sa kalusugan

Ang **My Health LA** ay HINDI isang insurance na pangkalusugan—Kung mayroon kayong insurance sa kalusugan, huwag ito alisin!

Paano ko malalaman kung ako ay karapat-dapat? Saan ako puwedeng mag-enroll?

- Tumawag sa Member Services sa 1-844-744-6452 (MHLA). Ang Member Services ay bukas mula 8:00 am hanggang 5:00 pm, Lunes hanggang Biyernes.
- Paunang tawagan ang inyong medical home clinic para makapagtakda ng isang appointment o para mag-enroll. Tiyakin na ang klinika ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Libre ang pag-a-apply!
- Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa: dhs.lacounty.gov/mhla



Anong pangangalaga sa kalusugan ang makukuha ko sa pamamagitan ng My Health LA?

- Ang mga miyembro ng My Health LA ay makakatanggap ng LIBRENG basic na medikal na pangangalaga na kinabibilangan ng:
 - ✓ Patuloy na Primary Preventive Care (Pangunahing Pang-iwas na Pangangalaga) at Mga Pagsusuri sa Kalusugan
 - ✓ Impormasyon at Payo na Pangkalusugan
 - ✓ Specialty Care (Dalubhasang Pangangalaga) sa Department of Health Services (DHS)
 - ✓ Pangangalaga sa ospital at emergency sa mga klinika at ospital ng DHS
 - ✓ Mga Inireresetang Gamot
 - ✓ Mga Serbisyo sa Paggamot sa Pang-aabuso sa Alak at Droga
 - ✓ Mga Serbisyo at Pagsusuri sa Laboratoryo
 - ✓ Iba Pang Mga Serbisyo na May Kaugnayan sa Pangangalaga ng Kalusugan
- Ang mga miyembro ng My Health LA ay maaaring makakuha ng pangangalaga sa isa sa 193 mga kalahok na kapartner na klinika sa komunidad sa County ng Los Angeles.

Ano ang ilan sa mga benepisyo ng My Health LA?

- Ang pangangalaga ng **My Health LA** ay nakatuon sa pasyente. Pipili ang mga miyembro ng Medical Home Clinic, at makakatanggap ng patuloy na pangangalaga sa klinika na iyon para sa buong taon. Maaari kayong magkaroon ng isang Medical Home na klinika lamang sa **My Health LA** program.
 - ✓ Ang Medical Home ay isang klinika na kung saan ang mga pasyente ay nagpapatingin sa isang primary care na doktor o isang nars na kilala ang kanilang mga pasyente at nauunawaan ang kasaysayang medikal nila.
- Ang mga miyembro ng **My Health LA** ay makakapili ng Klinika sa Komunidad at makakapagtakda ng sarili nilang mga appointment sa klinika.
- Hindi ninyo kailangang maghintay hangga't magkasakit kayo para makatanggap ng pangangalagang medikal—makakakuha kayo ng mga libreng check-up at pang-iwas na pangangalaga (preventive care) sa inyong medical home na klinika.
- Makakakuha kayo ng ID card para mapakita na kayo ay isang miyembro ng **My Health LA**.
- Maaari ninyong tawagan ang walang bayad na toll na numero ng telepono ng Member Services mula 8:00 am to 5:00 pm Lunes hanggang Biyernes. Tutulungan kayo ng mga ahente sa maraming wika.



COUNTY NG LOS ANGELES – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN
MGA KASAMAHAN SA KOMUNIDAD
PLANO PARA SA KAKAYAHANG MAGBAYAD – MY HEALTH LA
138% PEDERAL NA ANTAS NG KARUKHAAN (FPL)

(Magkakabisa mula Abril 1, 2019 hanggang Marso 31, 2020)

MGA MIYEMBRO NG PAMILYA NA NAKATIRA SA BAHAY ¹	PINAKAMALAKING KABUANG KITA KADA BUWAN ²
<input type="checkbox"/> 1	nasa o mababa sa \$ 1,437
<input type="checkbox"/> 2	nasa o mababa sa \$ 1,945
<input type="checkbox"/> 3	nasa o mababa sa \$ 2,453
<input type="checkbox"/> 4	nasa o mababa sa \$ 2,962
<input type="checkbox"/> 5	nasa o mababa sa \$ 3,470
<input type="checkbox"/> 6	nasa o mababa sa \$ 3,978
<input type="checkbox"/> 7	nasa o mababa sa \$ 4,487
<input type="checkbox"/> 8	nasa o mababa sa \$ 4,995
<input type="checkbox"/> 9	nasa o mababa sa \$ 5,503
<input type="checkbox"/> 10	nasa o mababa sa \$ 6,012
<input type="checkbox"/> 11	nasa o mababa sa \$ 6,520
<input type="checkbox"/> 12	nasa o mababa sa \$ 7,028

Higit pa sa 12 miyembro

Para sa bawat karagdagang miyembro, magdagdag ng \$509

¹ Isama ang ipinagdadalang- tao at mga kinakasama sa laki ng pamilya.

² Para sa ATP, lahat ng mga pagbawas ay inalis na:

- \$90 sa bawat nagtatrabahong tao.
- Pag-aalaga ng Bata
- Mga gastos sa Medikal na Insurance, at
- Sustento / Binayad para sa Suporta sa Bata